


Aralin 15

# "LAGING MANALANGIN"

*Lucas 18:1-8*

**LAYUNIN:** *Pagkatapos ng araling ito…*

- *Makikita ninyo ang dahilan kung bakit hindi tayo dapat magsawa o panghinaan ng loob sa pananalangin.*
- *Mas masasabik kayong magpatuloy sa pagdulog sa Diyos sa panalangin at mas magiging matiyaga kayo sa paghihintay sa tugon ng Diyos.*
- *Ilalapit ninyo sa Diyos ang isang bagay na matagal na ninyong nais na magkaroon ng pagbabago sa inyong personal na buhay at pamilya.*

## PANIMULA

1. Ano ang nararamdaman mo kapag may hinihiling ka sa Diyos na matagal na ngunit hindi pa rin niya ibinibigay? Bakit ganoon ang nararamdaman mo? Magbigay ng isang halimbawa.

   ***Tulay sa Pag-aaral:*** Dahil sa hindi natin nakikita ang sagot ng Diyos sa panalangin, o kaya'y ang tagal-tagal nating naghihintay sa pagtugon niya, naiinip tayo, nagsasawa, at pinanghihinaan na ng loob. Dahil doon, maaaring tumigil na tayo sa panalangin at maaaring pagdudahan pa ang kapangyarihan at kabutihan ng Diyos. Sa Lucas 18:1-8, nais ituro ni Jesus sa mga alagad niya na hindi sila dapat panghinaan ng loob. Darating ang panahon na baka mainip sila sa muling pagbabalik ng Panginoon o dahil sa tindi ng hirap na dinaranas bilang mga tagasunod ni Cristo ay mawalan na ng pag-asa. Dapat silang magpatuloy sa panalangin at pagtitiwala sa Diyos.

## PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang Lucas 18:1-8. Ikumpara ang verse 1 sa 2 Tesalonica 3:13; Efeso 3:13; at Galacia 6:9. Ano ang mapapansin ninyong problema nating mga Cristiano na nais tugunan dito ni Jesus? Bakit sa tingin ninyo ganito tayo?

3. Sinabi na agad ni Jesus sa verse 1 pa lang kung ano ang nais niyang ituro sa kanila sa pamamagitan ng talinghagang (*parable*) sasabihin niya. Ano ito? Ikumpara ito sa Lucas 21:36; 11:9; Roma 12:12; Efeso 6:18; Colosas 4:2; 1 Tesalonica 5:17. Ano ang ipinapakita ritong klase o uri ng buhay panalangin natin? Ganito ba ang klaseng nakikita mo sa iyong buhay panalangin? Bakit o bakit hindi?

4. Basahin ang verses 2-3. Ano ang mapapansin ninyong ugali ng hukom? Ng biyuda o balo? Kung ikaw ang hukom na ito, ano ang mararamdaman mo sa ugaling ipinapakita ng babae?

5. Basahin ang verses 4-5. Wala sa ugali ng hukom na pagbigyan ang hiling ng babae. Pero bakit nakuha ng babae ang hinihiling niya?

6. Basahin ang verses 6-8. Mali ang magiging interpretasyon natin sa gustong sabihin ni Jesus kung ihahalintulad natin ang Diyos sa masamang hukom at tayong mga nananalangin sa biyuda. Kung ganoon ang gagawin natin, anu-anong maling paniniwala sa panalangin ang maaaring magawa natin (halimbawa, "Ang Diyos ay madadaan sa kulitan kahit ang hinihiling natin ay hindi ayon sa kanyang kalooban.")?

7. Sa halip na paghahalintulad, dapat nating tingnan ang pagkakaiba para mas magkaroon tayo ng higit na kumpiyansa sa panalangin. Anu-ano ang pagkakaiba ng Diyos sa hukom? Nating mga anak niya sa babae? Ng relasyon natin sa Diyos sa relasyon ng babae sa hukom? Batay dito, ano ang nais bigyang diin ni Jesus?

8. Ano ang itinuturo ni Jesus sa atin na kaugnayan ng panalangin at ng pagtitiwala o pananampalataya sa Diyos? Sa klase ng panalangin mo ngayon, ano ang ipinapakita nito tungkol sa pagkakakilala mo sa Diyos at pagtitiwala mo sa kanya?

## PAGSASABUHAY

9. Anong isang bagay tungkol sa iyong espirituwal na buhay ang nais mong hilingin ngayon sa Diyos? Sinong kapamilya ang nasa puso mo ngayon na hilinging iligtas ng Diyos sa pamamagitan mo? Ipanalangin ito nang regular at hilinging gamitin ka ng Diyos bilang tugon sa panalangin mo.